



Kuwento ni:
Joseph Ace B. Balingit

Guhit ni:
Carlo D. Yambao


Enero
Mayo
Setyembre




*Pamantayan sa Pagkatuto*

*Natatalakay ang mga tradisyon na nagpapakilala sa komunidad/mga pagdiriwang sa aking komunidad (AP) - AP 2KNN-IIF-G-9 (Grade 2)*



## DEVELOPMENT TEAM


Kuwento ni: **Joseph Ace B. Balingit**

Guhit at Lapat ni: **Carlo D. Yambao**


Learning Resource Manager:

**Ruby M. Jimenez, PhD**
Learning Resources Management and Development Section, EPS-I


## PAMPANGA


NANAY, NGAYON PO BA ANG AKING IKAPITONG KAARAWAN?





Sa tuwing tinatanong ko si Nanay kung kailan ang araw ng aking ikapitong kaarawan, ito ang madalas niyang sabihin sa akin. “Huwag kang mag-alala malapit na ang iyong kaarawan,” ang nakangiting sagot niya sa akin. Kailan kaya yung sinasabing malapit na ni Nanay? Kailan ko kaya matatanggap ang regalo kong bisikleta? Parang hindi na yata ako makapaghintay na dumating ang araw ng aking kaarawan.




Buwan ng Enero, ang lahat ay nagsasaya sa pagsalubong ng Bagong Taon, maraming handaan at kasiyahan sa aming bahay. Binihisan ako ni Nanay ng polong bilug-bilog. *Polka dots* yata ang tawag sa damit na iyon. May dala raw na swerte ang damit na iyon, ang sabi sa akin ni Nanay. Nagtataka ako at nagtanong.

"Nanay, ngayon po ba ng aking ikapitong kaarawan?"



"Naku, anak hindi pa ngayon ang iyong ikapitong kaarawan, masyado ka namang nagmamadali. Ngayon ang pagsalubong natin sa Bagong Taon. Enero pa lang ngayon. Magsaya muna tayo at magdiwang para tayo ay suwertihin sa taong ito. Huwag kang mag- alala, malapit na ang araw ng iyong ikapitong kaarawan," ang natatawang sabi sa akin ni Nanay, habang hinihipan ang kanyang kulay pulang torotot.




Sumapit ang buwan ng Pebrero. Pagkatapos naming namitas ng mga pulang rosas sa hardin ni Nanay, gumawa kami ng kard na may guhit na pulang puso. Pinasuot niya sa akin ang bagong pulang kamiseta na may ternong pantalon. Siguro ito ang aking isusuot sa aking kaarawan. Hindi ako nagdalawang isip na tanungin si Nanay. "Ngayon na po ba ang aking ikapitong kaarawan?"



"Naku, anak hindi mo ba alam ngayon ay Araw ng mga Puso? Dalhin mo itong mga pulang rosas na napitas natin at ang kard. Ibigay mo ang mga ito sa iyong guro," habang ibininabalot ang mga ito.

"Huwag kang mag-alala, malapit na ang iyong kaarawan, dalian mo na baka malanta pa ang mga pulang rosas," ang nagmamadaling sagot sa akin ni Nanay.

# Marso



Sumapit na ang buwan ng Marso. Pinasukat ni Nanay sa akin ang puting toga ni Kuya Karlo. Ito siguro ang isusuot ko sa aking kaarawan. “Bagay na bagay sa iyo ang toga ng kuya mo,” ang natatawang sabi ni Nanay sa akin. “Pagdating ng araw, makakasuot ka rin ng ganyan,” dagdag pa ni Nanay . “Nanay, ngayon na po ba ang aking kaarawan?”



“Naku, naman anak buwan pa lang ng Marso ngayon,” ang sabi ni Nanay habang napapakamot sa ulo. “Ngayon ang araw ng pagtatapos ng kuya mo, ngayon siya bibigyan ng parangal sa paaralan. Hindi ka na talaga makapaghintay? Huwag kang mainip, malapit na ang araw ng iyong ikapitong kaarawan. Hubarin mo na iyan baka madumihan pa,” ang patawang sabi sa akin ni Nanay.





Buwan ng Abril, mainit at maalinsangan ang panahon. Maaga akong ginising ni Nanay. Ipinasuot niya ang aking damit panlangoy, binilhan din niya ako ng bagong dilaw na *goggles* at salbabida na kulay kahel. Sa isip ko sa *swimming pool* namin ipagdiriwang ang aking pinakahihintay na ikapitong kaarawan. Kaya't tuwang-tuwa akong nagtanong sa kanya. "Nanay, ngayon po ba ang aking ikapitong kaarawan?"



“Naku, anak panahon ng tag-init ngayon. Mas mainam kung tayo ay maliligo sa malaking *swimming pool* ng Tiya Sita mo. Hindi ba ito ang pinakahihintay mo tuwing bakasyon? Dalian mong magbihis dahil ang mga pinsan mo ay kanina pa naghihintay sa atin. Huwag kang mag-alala malapit na malapit na talaga ang araw ng iyong ikapitong kaarawan,” ang natutuwang sagot sa akin ni Nanay.




Sumapit na ang buwan ng Mayo, sigurадung-sigurado na akong ito na ang araw ng aking ikapitong kaarawan. Pinasuot sa akin ni Nanay ang aking magarang barong Tagalog na may mga burda. Naisip ko sa tuwing may espesyal na okasyon lang kung ito ay pinapasuot sa akin ni Nanay. Kaya't tinanong ko si Nanay. "Nanay, ngayon na po ba ng aking ikapitong kaarawan?"



"Naku, anak nagdiriwang tayo ng Araw ng Kapistahan, mayroong gaganaping sagala mamayang gabi sa ating barangay. Ikaw ang maswerteng napiling konsorte ng ating mabait na kapitan para sa araw ng ating kapistahan. Huwag kang mag-alala, mas maganda at mas magara diyan ang ipasusuot ko sa pinakahihintay mong araw ng iyong ikapitong kaarawan," wika ni Nanay.




Buwan ng Hunyo, maaga akong ginising ni Nanay upang ipasuot ang damit na katulad ng magiting na bayaning si Andres Bonifacio. Sa isip ko bayani ang magiging tema ng aking ikapitong kaarawan. Hawak ang laruang itak na gawa ni Nanay at ang bandilang may titik na KKK, malumanay akong nagtanong sa kanya, “Nanay, hindi po ba ngayon ang aking kaarawan?”




“Naku, ngayon ay ipinagdiriwang natin ang Araw ng Kalayaan ng ating bansa. Magdaraos ng parada ng mga bayani ang inyong paaralan ngayong umaga. Hawakan mong mabuti itong laruang itak at watawat, ikaw muna si Andres Bonifacio, ang dakilang bayani at pinuno ng mga katipunero. Huwag kang mag-alala, konting panahon na lang, malapit na ang iyong kaarawan,” ang malumanay na sagot ni Nanay.





Buwan ng Hulyo, matapos kaming kumain ng masarap na ginisang gulay na niluto ni Nanay, tuwang-tuwa niyang pinasuot sa akin ang damit na gawa sa dahon ng repolyo at petsay. Hindi ko lubos maisip ang aking itsura. Sa isip ko, baka gulay ang magiging tema sa araw ng aking ikapitong kaarawan. Walang alinlangan akong nagtanong, "Nanay, ngayon po ba ang aking ikapitong kaarawan?"



“Naku, ngayon ay ipinagdiriwang natin ang Buwan ng Nutrisyon. Ginawa ko ang magandang kasuotan na iyan para sa paligsahan sa pagandahan ng kasuotan. Hindi ka na talaga makapaghintay sa araw ng iyong ikapitong kaarawan ano? Huwag kang mag-alala ilang tulog at kain na lang malapit na malapit na ang iyong ikapitong kaarawan,” ang natatawang tugon sa akin ni Nanay habang inaayos ang aking kasuotan.




Buwan ng Agosto, hinanap ni Nanay ang aking kamisa de Tsino upang isuot sa espesyal na araw. Pinasuot sa akin ito ni Nanay na kahit medyo may kaliitan na. "Ito yata ang aking isusuot sa aking ikapitong kaarawan," ang sabi ko sa aking sarili. "Nanay hindi po ba napakaliit ng damit na ito para sa aking ikapitong kaarawan?" ang tanong ko sa kanya.



"Naku, anak ngayon ang araw na ipinagdiriwang natin ang Buwan ng Wika, hindi pa ito ang araw na iyong pinakahihintay. Huwag kang kakabahan at galingan mo sa pagbigkas ng tula, manonood kami ng tatay mo. Huwag kang mag-alala, ilang buwan na lang ay sasapit na ang araw ng iyong ikapitong kaarawan," ang sagot sa akin ni Nanay habang inaayos ang butones ng aking kasuotan.




Buwan ng Setyembre, hapon na nang pumunta kami ni Nanay sa patahian ng uniporme. Pinasukat niya sa akin ang bagong tahing uniporme na may numerong pito at sinabing, "Anak binata ka na talaga, bagay na bagay sa iyo ang unipormeng pang*basketball*. "Nanay, ngayon na po ba ang aking ikapitong kaarawan? Ito ba ang inyong sorpresa sa akin?" tanong ko sa kanya.




"Naku, hindi pa iyan ang aking sorpresa sa iyo, iyan ang isusuot mo sa paliga ng baskeball sa inyong paaralan, galingan mo anak. Huwag kang mag-alala, ilang buwan na lang at araw na ng iyong ikapitong kaarawan," pailing-iling na sabi ni Nanay. "Mas matutuwa ka sa sorpresang ihahandog namin sa iyo," ang dagdag pa niya habang hawak ang bola.




Buwan ng Oktubre, matapos ang aming pagsusulit, nagsabit kami ni Berto ng mga makukulay na watawat ng iba't ibang mga bansa sa harapan ng aming silid-aralan. Masayang bitbit ni Nanay ang isang magandang damit na parang pangMehikano. Tuwang-tuwa niya itong pinasukat sa akin. "Nanay, ngayon na po ba ng aking ikapitong kaarawan? Ito po ba ang aking isusuot?" tanong ko sa kanya.



“Hindi pa ito ang araw ng iyong kaarawan, dahil ipinagdiriwang natin ngayon ang Buwan ng mga Bansang Nagkakaisa, ikaw ang kakatawan sa bansang *Mexico*.” Tinuruan pa niya ako kung paano ang pagbati ng magandang umaga at mahal kita sa wikang Mehikano. “Huwag ka nang mainip dahil ilang buwan na lang sasapit na ang iyong ikapitong kaarawan,” ang pangiting sabi sa akin ni Nanay.




Buwan ng Nobyembre, matapos kaming magsindi ng kandila at bisitahin ang puntod ng aking yumaong lolo sa sementeryo, agad pinalitan ni Nanay ang aking damit. Pinasuot niya ang isang kasuotan na wari'y isang mahikero sa pelikula. Ako raw si Harry Potter. Sa isip ko, ito ang magiging tema ng aking ikapitong kaarawan. "Nanay, ngayon na po ba ang aking ikapitong kaarawan?"



"Hindi pa anak, buwan pa lang ng Nobyembre ngayon. Ngayon ay Araw ng Undas, ginugunita natin ang araw ng ating mga mahal sa buhay na yumao na. Isuot mo ang damit na ito dahil may *Halloween party* mamaya sa barangay natin. Huwag kang mainip dahil totoong malapit na ang iyong kaarawan," ang sabik na sabik na wika sa akin ni Nanay.




Buwan ng Disyembre, matapos kaming magsimba ni Nanay, abala ang lahat sa paghahanda. Maraming mga parol ang nakasabit sa bahay, may mga nagkakaroling, maraming pagkain ang nakahapag sa mesa, ang lahat ay bihis na bihis, ang *Christmas tree* ay napaliligiran ng maraming regalo, ngunit alam ko na ang mga ito ay mga regalo na ibibigay nina Nanay at Tatay para sa kanilang mga inaanak.



Binihisan ako ni Nanay ng bagong pulang damit at pantalon na may kasama pang bagong pares ng sapatos. “Hindi mo ba itatanong kung ngayon na ba ang iyong ikapitong kaarawan?” pagtatakang tanong ni Nanay sa akin. “Nanay, ngayon po ay hindi ko kaarawan, ngayon po ay kaarawan ni Jesus, ngayon po ay araw ng Pasko,” ang masayang sabi ko sa kanya.



Laking gulat ko ng biglang pumasok si Tatay bitbit ang isang bagong bisikleta na may pulang laso, kasama si Ate na may dalang *chocolate cake* at si Kuya ay may dalang mga makukulay na lobo. Sabay-sabay silang umawit nang *Happy Birthday*. Labis ang sayang aking naramdaman noong mga oras na iyon dahil iyon na pala ang pinakahihintay kong araw ng aking ikapitong kaarawan.



“Ngayon pala ang araw ng aking ikapitong kaarawan.” Ipinikit ko ang aking mga mata at tuwang-tuwa kong hinipan ang aking pitong kandila. Ngayon, alam ko na kung kailan ang araw ng aking kaarawan. Dahil hindi lang kami magkapareho ng pangalan ni Papa Jesus, pareho pa kami ng araw ng kaarawan. “Ako si Jesus S. Dela Cruz, ako ay pitong taong gulang na!”



TUNGKOL SA MAY-AKDA , TAGAGUHIT AT TAGALAPAT

| | |
|---|---|
| JOSEPH ACE B. BALINGIT: | Kasalukuyang nagtuturo sa San Isidro Elementary School, San Isidro, Masantol, Pampanga bilang Teacher III. |
| CARLO D. YAMBAO: | Kasalukuyang nagtuturo sa Concepcion Integrated School, Concepcion, San Simon, Pampanga bilang Teacher I. |

Ang ikapitong kaarawan ay isa sa pinakamahalagang bahagi sa buhay ng isang bata. Tunghayan ang kakaibang kwento ng isang bata kung gaano siya kasabik sa araw ng kanyang ikapitong kaarawan.

